

Mag-ingat sa at huwag bumigay sa pamimilit na mga taktika:

Susubukan ng mga mapagsamantalang kumpanya ng pampinansyal na tulong na pilitin kang magbayad para sa kanilang mga serbisyo. Huwag bumigay. Narito ang ilan sa mga karaniwang taktika na ginagamit nila upang akitin ka:

"Bilhin ngayon o makaligtaan ang pagkakataong ito." Huwag bumigay sa pamimilit na mga taktika. Tandaan, ang "pagkakataon" ay isang pagkakataon na magbayad para sa impormasyon na maaari mong mahanap na mag-isa nang libre.

"Ginagarantiyahan namin na makakakuha ka ng tulong." Maaaring angkinin ng isang kumpanya na matutupad nito ang pangako kung inalok ka ng pautang ng mag-aaral o isang \$200 na iskolarsip. Ito ba ay nagkakahalaga ng isang bayarin na \$1,000 o higit pa?"

"Mayroon akong tulong para sa iyo; ibigay mo sa akin ang iyong numero ng kredit kard o ng bank account." Huwag kailanman ibigay ang numero ng kredit kard o ng bank account maliban kung alam mo na ang organisasyon na binibigyan mo ay lihitimo. Maaari mong ilagay ang iyong sarili sa peligro ng pagnanakaw ng pagkakakilanlan.

Iulat ang pandaraya sa pampinansyal na tulong sa Hotline ng Opisina ng Pangkalahatang Pandaraya ng ng Departamento ng Edukasyon sa – (800) 647-8733.

Mga Mapagkukunan para sa Tulong:

Libreng tulong sa pagpuno ng FAFSA ay makukuha mula sa Federal Student Information Center sa <https://studentaidhelp.ed.gov/>, or call (800) 433-3243

Tumawag sa California Student Aid Commission sa (888) 224-7268 para sa tulong o tingnan ang aming website sa <https://www.csac.ca.gov/how-apply>.

Ang website ng Departamento ng Edukasyon sa Tulong ng Mag-aaral ay mayroong nakakatulong na pahina sa web na may karagdagang impormasyon tungkol sa kung paano maiiwasan ang mga pandaraya sa <https://studentaid.gov/resources/scams>

Kung nais mo ng karagdagang payo tungkol sa pagpili ng isang paaralan, pag-aaplay para sa pampinansyal na tulong, o pangangasiwa sa iyong pagkakautang ng iyong pautang ng mag-aaral, maaari ka ding makipag-ugnay sa amin. Housing & Economic Rights Advocates (HERA) P.O. Box 29435 Oakland, CA 94604 Telepono: 510-271-8443 ext. 300 Fax: 510-868-4521 E-mail: inquiries@heraca.org www.heraca.org



Pagbabayad para sa Kolehiyo: Pag-iwas sa Mga Panloloko



HERA

housing and
economic
rights advocates

P.O. Box 29435 Oakland, CA 94604

Phone: 510-271-8443 ext. 300

Fax: 510-868-4521

E-mail: inquiries@heraca.org

www.heraca.org

Ang pag-aplay para sa pampinansyal na tulong upang magbayad para sa kolehiyo ay maaaring maging isang mapaghamon na gawain at natural na humingi ng tulong. Gayunpaman, dapat malaman ng mga mag-aaral na mayroong mga mapagsamantalang kumpanya na nagsisikap na samantalain ang mga mag-aaral na naghahanap ng pampinansyal na tulong para sa kolehiyo. Tandaan:

Hindi Mo Kailangang Magbayad para sa Tulong upang Maghanap ng Pera para sa Kolehiyo. Karamihan sa impormasyon ay makukuha nang libre at madaling makuha mula sa Komisyon ng Tulong sa Mag-aaral ng California (California Student Aid Commission), sa opisina ng pampinansyal na tulong sa iyong kolehiyo o sa kolehiyo na pinaplano mong pumasok, o tagapayo ng iyong mataas na paaralan.

Hindi mo Kailangang Magbayad para sa Pormularyo ng FAFSA. Ang Libreng Aplikasyon para sa Pederal na Tulong sa Mag-aaral [Free Application for Federal Student Aid (FAFSA)] ay ang aplikasyon upang mag-aplay para sa pampinansyal na tulong para sa kolehiyo at ito ay ganap na **LIBRE** at maaaring makumpleto online sa website ng Federal Student Aid sa <https://studentaid.gov/h/apply-for-aid/fafsa> (Tandaan: para sa mga mag-aaral na hindi dokumentado, ang pederal na tulong ay hindi magagamit, nguni't ang tulong ng California ay nasa ilalim ng Batas ng California DREAM. Ang aplikasyon na ito ay **LIBRE** din at makukuha sa <https://www.csac.ca.gov/post/resources-california-dream-act-application>)

Mag-ingat sa Pagnanakaw ng Pagkakakilanlan

Upang mag-aplay para sa pampinansyal na tulong, kakailanganin mong magtatag ng isang user name at password sa Pederal na Tulong sa Mag-aaral [Federal Student Aid (FSA)]. **Huwag sabihin kanino man ang iyong FSA user name at password, kahit na ang taong iyon ay tumutulong sa iyo na punan ang aplikasyon. Baguhin ang iyong FSA na password kung naibahagi ito.**

Matapos makumpleto ang aplikasyon ng FAFSA sa opisyal na website ng FAFSA, lumabas sa aplikasyon at isara ang browser.

Suriin ang iyong mga alok sa pampinansyal na tulong at subaybayan ang mga halagang inaplayan mo sa aplikasyon at natanggap.

Huwag kailanman magbigay ng personal na impormasyon sa telepono o internet maliban kung ikaw ay nakipag-ugnay. Kung mayroon kang mga katanungan tungkol sa iyong account sa tulong ng mag-aaral o alok na pampinansyal na tulong makipag-ugnay sa opisina ng pampinansyal na tulong ng iyong paaralan o sa Sentro ng Impormasyon ng Pederal na Tulong sa Mag-aaral [Federal Student Aid Information Center].

HERA is a not-for-profit legal services organization dedicated to economic justice. For additional information or to request assistance, please contact us at inquiries@heraca.org or (510) 271-8443 ext. 300

Iulat kaagad ang anumang nawala o ninakaw na pagkakakilanlan sa taga-isyu (kumpanya ng kredit kard o Departamento ng Mga Motor na Sasakyan [Department of Motor Vehicles]).

Iulat ang pagnanakaw ng pagkakakilanlan sa pulisya at gumawa ng ulat ng pagnanakaw ng pagkakakilanlan sa website ng Federal Trade Commission sa <https://www.identitytheft.gov/>

Isaalang-alang ang paglalagay ng alerto sa pandaraya sa iyong mga ulat sa kredito pagkatapos ng anumang hindi awtorisadong paggawa o paggamit ng mga kreditong account sa iyong pangalan. Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa kung paano gawin ito, tingnan ang website ng Federal Trade Commission sa <https://www.consumer.ftc.gov/articles/0275-place-fraud-alert>

Panatilihin ang mga resibo at mga dokumento na kasama ng iyong personal na impormasyon sa isang ligtas na lugar at gutayin ang mga ito bago itapon ang mga ito

